| | TAMANG SAGOT (TS)<br>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
|---|---|---|
| PhilHealth<br>Your Partner in Health | **Circular No.** | **2022-0022** |
| | **Title** | ***Coverage of OFWs for SARS-CoV-2 testing based on IAFT Guidelines*** **and Modification of Priority Groups for SAR-CoV-2 Testing Packages based on DOH Guidelines (Revision 1)** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang naging basehan ng muling pagbabago ng "priority sub-groups" para sa SARS-CoV-2 testing package? | Bilang pagtalima sa DOH DM No. 2022-0013 "Updated Guidelines on Quarantine, Isolation and Testing for COVID-19 Response and Case Management for the Omicron Variant" na nailathala noong Enero 14, 2022, binabago nito ang naunang sub-grouping na A-J base sa DOH DM 2021-0258-A at Inter-Agency Task Force (IATF) Resolution No. 168, s. 2022 |
| 2. Ano ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing at sino-sino ang maaaring makagamit ng benepisyo ng SARS-CoV-2 testing package base sa polisiyang ito? | Ayon sa nasabing kautusan, ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing ay ang mga sumusunod:<br><br>1. A1 -Health Workers<br>2. A2 -Senior Citizens<br>3. A3 -May comorbidities at mga high-risk sa severe disease<br>4. A4 - Lahat ng may sintomas ng COVID-19 maliban sa A1, A2, A3<br>5. A5 - Nagbabalik/returning OFWs at Filipino nationals edad 18 at pataas. |
| 3. Kailangan ba na may sintomas ang mga priority groups sa A1 - A5 upang makagamit o maka-avail ng benepisyong ito? | Ang sumusunod ay ang mga alituntunin upang makonsidera para sa benepisyong ito:<br><br>A1 – Health Workers **(may sintoma o wala)**<br>A2 - Senior Citizens **(may sintoma lamang)**<br>A3 - May comorbidities at mga high-risk sa severe disease **(may sintoma lamang)**<br>A4 - Lahat ng may sintomas ng COVID-19 maliban sa A1, A2, A3 **(may sintoma lamang)**<br>A5 – Nagbabalik/returning OFWs at Filipino nationals edad 18 at pataas **(may sintoma o wala)** |
| 4. Kailangan ba ng agarang SARS-CoV-2 testing para sa mga naging close contact na walang sintoma ng COVID-19? | Hindi kailangan ang agarang RT-PCR test sa mga naging close contact na wala namang sintomas ng COVID-19.<br><br>Kung kinakailangan ang testing, ito ay dapat gawin sa ika-limang araw mula sa araw na sya ay na-expose sa isang COVID-19 positive. |

| | |
|---|---|
| 5. Kailan magiging epektibo ang polisiyang ito? | Ito ay magiging epektibo sa mga claims na may nakolektang specimen simula August 31, 2022. |